Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka $\frac{\quad}{20}$

Mga sagot sa Pagkilala sa pang-angkop

Panuto: Ikahon ang lahat ng pang-angkop sa bawat pangungusap.

1. Kunin mo ang mga tuyo[ng] damit sa sampayan.
2. Si Manuel L. Quezon ang tinatawag na Ama ng Wika[ng] Pambansa.
3. Hindi kinausap ni Pedro ang mataray [na] tindera.
4. Sino ang kaibigan[g] matalik ni Rowena?
5. Inaayos nila ang malulubak [na] kalye ng barangay.
6. Malaki[ng] gantimpala ang nakamit ng manlalaro.
7. Huwag dumaan sa madulas [na] sahig sa may pinto.
8. Dinala nila ang mga kagamitan[g] pang-opisina.
9. Halos naubos ang inipon [na] pera dahil sa pagsusugal.
10. Tutol ang simbahan[g] Katoliko sa pagsasabatas ng *Reproductive Health Bill*.
11. Tangkilin natin ang mga produkto[ng] Pilipino.
12. Maasim [na] prutas ang hiling ng mamimili.
13. Laganap ang mga industriya[ng] pantahanan sa mga probinsiya.
14. Kailangan ko ng tulong para matapos ang lahat ng mga gawain[g] bahay.
15. Naglilimos ang matanda[ng] pulubi sa labas ng palengke.
16. Ang pagkuha ng lisensiya ay mabagal [na] proseso.
17. Matulin [na] taksi ang sinakyan ng dalawa[ng] pasahero.
18. Ano ang kasalukuyan[g] kalagayan ng bata[ng] pasyente?
19. Nakahanap ako ng asul [na] sinulid at maliit [na] butones.
20. Anim [na] taon siya naghanapbuhay sa iba[ng] bansa.